

PARA KAY NAJWA

STEFANI J. ALVAREZ

WE ALL KNOW

Open Letter from Fellows at the Akademie Schloss Solitude in Solidarity with the People of Palestine

As fellows at the Akademie Schloss Solitude in Stuttgart, Germany, artists and cultural workers from different parts of the world, we are gravely concerned with the recent escalation of violence in Palestine and Israel, as well as the polarization of public discourse.

As survivors and witnesses of multiple forms of marginalization and erasure, we stand in solidarity with all oppressed people and their struggles for liberation.

We identify with the struggle for Palestinian justice because it is interconnected with struggles against imperialism, settler colonialism, and state violence around the world. We condemn the conditional solidarity of the majority of governments and mainstream media, and urge public and private cultural institutions in Germany, the European Union, and beyond to help facilitate immediate support for Palestine rather than restrict and silence the voices of the oppressed.

We all know that the cycles of violence in Palestine confirm what could not be clearer in the face of our humanity. A century of ongoing colonial violence against Palestinians must end. The Israeli state's apartheid and its ethnic cleansing of Palestinians must end. The liberation of all Palestinian peoples, in Gaza, the West Bank, and elsewhere around the world, is the first step to safety and well-being for all communities in the region. We stand in solidarity with the peoples of Gaza,

their struggle for liberation, and the political prisoners in Israel who refuse to serve the occupation and apartheid.

We mourn those who have lost their lives in the region. We know that condemning the crimes against the people of Gaza is not antisemitic. We know that mourning the loss of Israeli civilian lives on October 7 is not a betrayal of the Palestinian cause.

We assert that decolonization is not a metaphor but an active process in which all of us must take part, as artists or as cultural institutions. Therefore, we call on Akademie Schloss Solitude and other cultural institutions to open and facilitate spaces of care for artists and cultural workers who are displaced because of the occupation of Palestine and who are currently in refugee camps in Germany.

We support the general strike to express solidarity with the Palestinian cause and urge all cultural workers, artists and institutions to join the strike.

The Undersigned:

* For the safety of some of the fellows who signed the open letter, we have decided to anonymize all the signatures.

Araw 212

Mahal kong Sol,

Napakabigat sa dibdib ang araw na ito. Ginanap sa Guibal Sal ang internal workshop upang mapag-usapan ang namagitang isyu sa Solitude kaugnay ng aming inilabas na *We All Know* statement bilang pakikiisa at panawagan sa kapayapaan at kalayaan ng Palestina. Sa gitna ng open forum, naibulalas ko, “I am a migrant artist and activist. I am not an ornament of this public institution.” Nagkaroon ng bangga sa aming paninindigan. Diin ko, “I won’t step back.” Hindi na ako sigurado kung itutuloy ko pa ang isang buwang ekstensyong pananatili sa Kastilyo. Dismayado ako sa pag-aakalang nasa bansa akong iwinawagayway ang bandila ng safe space ngunit nasaan nga ba ang kalayaan sa pamamahayag? Binubusalan. Binubura ang kolektibong tugon at pagkakaisa ng mga manlilikha at manggagawang pangkultura sa Akademie Schloss Solitude. “We fellows cross borders. Do our statement trespass against Freedom of Speech? Are we crossing the line against democracy and humanity?” Namagitan ang katahimikan. Nagkaroon ng patlang bago sumagot ang inimbitahang dalawang eksperto para mangaral, umastang dalubhasa sa pilosopiya, at ibandera ang kanilang prebilihiyong kolonyal sa nililimusang mga pobrang manlilikha mula sa iba’t ibang panig ng daigdig. Nakakadiri. Nakakasuka. Nais kong sumabog.

Araw 217

Mahal kong Sol,

Nadudurog na pati kinatatayuan ko. Nakatanggap kami ng email mula sa Administration Director sa pagpapatanggal ng plakards mula sa demonstrasyon bilang pakikiisa sa Palestina. Ngunit sa pagkakataong ito, hindi lamang ang pinaninindigang salungat sa paniniwala ng institusyon kundi ipinagsisigawan namin kung nasaan na ang tuwirang ibinabandila sa kanilang mission statement ang mga katagang 'togetherness, solidarity, at social transformation'. Nasaan ang safe space sa Kastilyo? Hindi ito malayo sa mga pangyayari kamakailan. Ang diskurso tungkol sa anti-Semitism ay hindi lamang huwad ngunit isa ring bitag na idinisenyo upang parusahan ang hayagang sumusuporta sa pagpapalaya ng Palestina. Sa Canada, inaresto ng pulisya ang protest organizer na si Wesam Khaled at kinasuhan siya ng "disturbing the peace". Ipinagbabawal naman sa bansang Singapore ang watawat ng Palestina kasama ng anumang sagisag at simbolong may kaugnayan sa pagsuporta. Sa sinumang lumabag nagbabanta ang multa at pagkakulong. Ang British home secretary na si Suella Braverman ay nag-utos sa awtoridad na maging ang pagwawagayway ng bandila ng Palestina ay isang krimen. Si Marcos sa Pinas ay muling nagpahayag ng suporta sa Israel. Hindi ikakailang ang Pinas ay kabilang sa 33 bansang sumuporta sa pagtatatag ng Israel at ang tanging bansa sa Asya na bumoto para sa nasabing UN Resolution 181. Binura ko sa listahan ang aking pangalan at ni Michael sa mga dadalo sa nakatakdang monthly dinner ngayong Biyernes sa Kastilyo na inaasahang kabilang sa mga panauhin ay Board Members. Itinapat ko ang aking hinaing: "I want the demo placards on my plate!"

Araw 218

Mahal kong Sol,

Tinanggal ng administration ang aming placards. Hindi ako nagkape sa cafeteria. Nais kong pakalmahin ang aking sarili. Inabala ko ang aking oras na simulan ang pag-aayos ng video na magiging background para sa aking performative reading ngayong Winterfest. Ala-una na akong nagpasyang lumabas para mananghalian. At tulad ng dati, naroon halos lahat ng fellows. Katatapos lang din nila ng kanilang Lamentation session na pinangunahan ni Yasen. Sa aking kaliwa, nakatabi ko si Liuba, saglit kaming nag-usap tungkol sa kolaborasyon namin sa *The Gagazine*. Sa kanan ko, unang nakakuwentuhan si Maissa, spatial fellow mula Lebanon. Natuon ang aming usapan sa mga danas ko sa Saudi. Naibahagi rin niyang tumira sa Saudi ang kaniyang mga magulang noong 80s hanggang 90s. Inhinyero ang kaniyang ama. Napag-usapan din namin ang tungkol sa kafala system sa Middle East kabilang ang Lebanon kung gaano ituring ng patakarang ito ang overseas workers. Mula sa pang-aabuso ng mga amo, hindi patas na pasahod, at kawalan ng suporta ng gobyerno para sa maayos na kapakanan ng manggagawa sa ibayong dagat. “They’re treating them slaves,” diin niya. Natanaw ko rin sa kabilang upuan si Vicky. At hindi mawawala ang tapatan ng mga damdamin. Wika ko pa nga, “You need to listen Lana del Rey.” Maihahambing ko sa matulaing liriko at mapapanglaw na himig ang aura ni Vicky. Pagkatapos ng tanghalian, itinuloy ko ang pagpi-print ng fanzine. Tumulong din ako kina Aron, Selma, at Yasen sa pagtutupi ng mga pahina sa koleksiyon ng maiikling kuwento at tula ni Najwa Juma*. Siya ay dating Solitude fellow mula Palestina na kasalukuyang nakatira sa refugee camp sa Konstanz, dalawang oras ang layo mula Stuttgart. Sa katunayan, isa rin siya sa nagsindi ng alab para manindigan at magkaisa

sa panawagan para sa kapayapaan at kalayaan sa Palestina. Sa nalalapit na exhibition sa Kastilyo, ihahandog ko ang aking live reading:

For Najwa, to the children and women
And the other ten thousand lives
To reclaim freedom and to reunite with their
Motherland...

*Selected Poems and Short Stories by Palestinian writer Najwa Juma. She is a Palestinian teacher, translator, writer, and activist from Gaza. Her writings explore the context in which Palestinian women live. Her poems and short stories powerfully reflect on life, hope, and resistance amid death, destruction, and displacement in Palestine.

Araw 219

Mahal kong Sol,

Sinimulan ko na ang paglapat ng video para sa aking performative reading. Hihiramin ko ang kanta ng Asin na “Pagbabalik” para sa intro at ang “Sa Malayong Silangan” sa apat na dagli bilang music background. Sinubukan kong isalin sa Ingles para sa subtitle ngunit babasahin ko ang orihinal na teksto sa Filipino. Halos sunod-sunod na rin ang pagtitipon sa Common Kitchen. Hindi lang naging abala sa ihahain sa hapunan kundi ang nakahaing isyu sa Kastilyo. Sa pag-aakala naming may remedyong mangyayari pagkatapos ng nakaraang internal workshop kasama ang ilang staff at fellows na patuloy na naninindigan para sa Freedom of Speech, Free Palestine, Free Gaza Now mula sa aming pinagkaisang statement hanggang demonstrasyon sa kalsada. Nagsanga ng mas marami pang hinaing ng fellows mula pa sa mga nauna sa amin hanggang ngayon. Ano nga ba ang papel ng isang publikong institusyon lalo na’t misyon nitong imbitahan ang iba’t ibang manlilikha’t manggagawang kultural, pati mga siyentipiko mula sa iba’t ibang bansa na may kaniya-kaniyang bitbit na багаhe ng mga pananaw at paninindigan? Tila ba mga hostage kami. Binubusalan. Iginagapos. Maninindigan kami. Abangan ang pagpaskil sa nakahandang panawagan: FREE FREE SPEECH! DECOLONIZATION IS NOT A METAPHOR.

Araw 221

Mahal kong Sol,

Natupad ang sinabi kong “I want my placards on my plate!” Nang mabasa ni Gabi* kagabi ang intro ng aking performance reading sa nalalapit na Winterfest, tumatak sa puso niya ang katagang “This is the shape of my heart.” Na, balak rin niyang maging pamagat sa kaniyang culinary art performance sa Common Kitchen. Bilang pakikiisa sa pag-boycott ng ilang fellows sa monthly dinner sa Kastilyo, nagpasya kami ni Gabriela na imasa, ihurno, at lutuin ang aming mga hinaing. Wika ko pa, “Let’s bake our frustrations...” Sa pamamagitan ng mga mumunting tinapay, naipahayag naming muli ang pilit binubura ng institusyong namumugad sa Kastilyo. Tila lumitaw muli ang nangawalang demonstration posters.

*Born in Lima/Peru in 1987. G. Kühnhardt Alvarez (Kükelhahn) is a transdisciplinary artist, designer and curator based in Germany. The question– the conversation, is their sculpting material to develop tools to frame dissent, transcultural patterns, critique on representation and non-canonical knowledge. Kükelhahn initiated ‘dreaming, recalibrating, conversating’, a relational podcast exploring communion, living and working at Akademie Schloss Solitude, with 18th generation fellows (2023–2024).

Araw 222

Mahal kong Sol,

Narito ngayon si Michael sa Kastilyo. At tulad ng dati, tinipon ang aming labahan. Binitbit papunta sa Washing Salon. Pagkabalik niya, dala-dala ang vacuum cleaner at mop. Agad sinimulan ang paglilinis sa buong studio. Hinintay niyang matapos ang aking studio visit. Bumisita sa akin si Femke Snelting*, juror ng Digital sphere of practice. Unang napag-usapan namin ang lagapan na isyu tungkol sa We All Know statement, ang panawagan ng current Solitude fellows bilang pakikiisa sa kapayaan at kalayaan sa Palestina. Inabot ko sa kaniya ang kopya. Binasa niya. At humiling ng publishable version. Nais niyang suportahan ang aming pinaninindigan. Pumirma siya online at nangakong ilalathala ang statement. Marami nang artists at cultural activists ang pinaratangang antisemite**. May art institution*** din na tinanggalan ng pondo. Sa kabila ng pananakot sa amin na maaaring hindi maganda ang kahinatnan kapag umabot sa Ministry of Arts and Culture dito Stuttgart, mananatili kami sa aming paniniwala. Walang panahon ang di pagkibo. Alam kong panandalian lamang itong aking pananahan sa Kastilyo ngunit umaasa akong ang sulat kong ito sa iyo ang siyang mananatili.

* Femke Snelting develops projects at the intersection of publishing, trans*feminism, and Free Software. In various constellations, she works on re-imagining computational practices to disinvest from technological monoculture and the regime of The Cloud.

** is hostility to, prejudice towards, or discrimination against Jews. This sentiment is a form of racism, and a person who harbours it is called an antisemite. Though antisemitism is overwhelmingly perpetrated by non-Jews, it may occasionally be perpetrated by Jews in a phenomenon known as auto-antisemitism (i.e., self-hating Jews).

***<https://www.theleftberlin.com/open-letter-oyoun-must-stay/>

Araw 227

Mahal kong Sol,

Natapos ko rin ang paglalapat ng English subtitle para sa aking performative reading ngayong Winterfest. Apat ang napili ko mula sa higit dalawang daang sulat para sa iyo. Muli kitang ipapakilala. Ikaw si Sol na personipikasyon ng matayog na Kastilyo (Schloss). Ikaw rin ang aking kahulugan ng aking pag-iisa, ng aking pakikipag-usap at pananambitan (soliloquy) sa kalungkutan at katahimikan. Marahil ikaw rin ang tatarin (solstice), ang panahon ng bagong simula. Sol bilang pakikiisa (solidarity) sa maliliit na boses sa lipunan kung kanino at kung bakit ko piniling magsulat. Naaalala mo pa ba? Isang gabi, tinawag kita. Mangyaring bigyan ako ng tanda ng iyong presensya. Sa isang mahaba't walang patid na pagtulog, nanaginip ako. Hinawakan mo ang talampakan. Bumangon ako. Nagbabakasakaling makita kita. Nakikita ko lang ang kisame sa itaas na parang isang blangko, puting papel na naghihintay na maglalahad ng mga nakatagong kwento, mga binusalang tinig, at kawalang-katarungan. Hindi ka nila makikita lalo't nakapiring ang kanilang mga mata. Masisilip ka lamang sa haraya ng katotohanan. Alam ko. Alam ng iilan na naniniwala. Narito ang mga katagang isinulat doon sa Gaza: *Kung sino man ang mananatili hanggang sa wakas, ikukuwento ang ginawa namin sa abot ng aming makakaya. Alalahanin mo kami.* At maaalala ko ito. Gusto kong magsulat ng kwento tungkol sa Katahimikan, ang mga bagay na kinakatakutan ng mga tao na ihayag ang kanilang katotohanan. Gusto kong marinig ang aking mga Testimonya sa gitna ng mga durog na bato at bomba sa itaas ng kalangitan. Gusto kong magsulat ng tula tungkol sa Kagitingan, ang panahong narinig ko silang sumisigaw sa ngalan ng kanilang tinubuang lupa. Gusto kong isalaysay ang aking mga kuwento sa kabila ng mga hangganan, paggiba sa mga pader, pagmamartsa sa mga kalsada, paghawak ng mga pangarap ng aking mga kababayan na malayo sa tahanan. Gusto kong magsulat tungkol sa Kalayaan, kung saan walang mga salita, walang bayan, walang mga pangalan, ni walang tula, at walang pagluha. Sol, dapat kong isulat ang mga ito sa aking kamay, hahawakan sila ng aking palad. Ikukuyom ko sa kanila ang aking kamao; ito ay sagrado. Ito ang hugis ng aking puso.

Araw 230

Mahal kong Sol,

Gabayan mo ako at ang iba pang fellows sa mga darating na araw sa Kastilyo. Nakakapanligalig ang headline sa isang pahayagan: Wirbel um Israel-Kritik aus Landesakademie*. ‘Scholarship holders of the Academy Schloss Solitude have spread a statement with anti-Israeli positions. The responsible ministry and the academy are strongly against it. Now the reappraisal is underway.’ Kasama ako sa lumagda sa pahayag, gayundin sa nagkakaisang kasalukuyang fellows sa Solitude na patuloy na humaharap hindi lamang sa isyu ng pagtindig namin sa pakikiisa para sa kalayaan sa Palestina, kundi nagsanga pa ito ng samot-saring isyung kinokondena ng institusyon. “We felt being threatened, targeted, and silenced,” ang mariing pahayag ni Selma** na siyang laging nangunguna sa aming protesta. Napakahaba ng gabi. At nagsisimula pa lamang ang isang napakahabang laban. Bago nila kami paratangan, bago nila kami iusig, gabayan mo kami sa aming pananatili at pagpapatuloy.

*<https://www.stuttgarter-zeitung.de/inhalt.solitude-stipendiaten-wirbel-um-israel-kritik-aus-landesakademie.f271b83d-b3e5-44de-bcc3-f117f4da09fb.html>

**Selma Banich is an artist, activist and community organizer from Zagreb/Croatia. Her artistic practice is grounded in explorative, processual and activist work, and is politically inspired by anarchism and feminism. She is involved in local and transnational solidarity initiatives related to the ongoing feminist, anti-fascist, migrant, and workers’ struggles, namely Zagreb Solidarity City and For BREAD.

Araw 238

Mahal kong Sol,

Katahimikan ang namagitan sa mga espasyong karaniwang tagpuan ng fellows. Mga bakanteng upuan at mesa sa Cafeteria. Kasinlamlam ng kalungkutan ang mapanglaw na ilaw sa Bar. Ni kalansing ng mga kubyertos sa Common Kitchen wala akong naririnig. Naupo ako sa nangungulilang sofa sa sulok. Natataglawan ng lampshade ang marahang-marahang pagkalaglag ng niyebe sa labas. Nasisilip ko pati buwan nagdadalamhati.

Araw 264

Mahal kong Sol,

MagsasampungbuwannaakoritosaKastilyoatnagbabakasakaling sa mga liham kong ito para sa iyo ay mapapalaya ko ang mga nais isalaysay. Marahil wala pang manlilikha ang nakakamit ng kalayaang nais marating ng sining at paninindigan. Ngunit ang kasalukuyang henerasyon ang muling magtatala at magtatatag ng pinagkaisahang pahayag. At kung naririnig mo ako, isinusumpa kong lamunin ng kahihiyan sa darating pang panahon ang bawat haligi, ang pananahimik ng mga palapag, kahungkagan ng bawat pader at silid, ang pagkukunwari ng bawat sulok sa Kastilyo. Hindi kami naririto upang hintaying mapatid ang mga tanikala. Napakalayo ng aming nilakbay upang igapos sa isang piitan na nagbabalat-kayong templo. Patuloy kaming maghihimagsik hanggang sa ang aming tinig ay marinig. Hindi kami lalamunin ng pananahimik upang kilalanin ang mga pananakot at pagbabanta. Hindi kami maghihintay hanggang sa ang sandaang libong buhay ay maging bilang na lamang ng mga patay. Hindi kami maghihintay hanggang sa ang alam naming makatarungan ay maaaring baligtarin, pabulaanan at ituring salungat sa katotohanan. Ngunit maghihintay kami hanggang makamit ang kalayaan at maihayag ang aming kasaysayan.

Araw 265

Mahal kong Sol,

Magba-Bagong Taon. Huling araw ng taong 2023 na dapat ipagdiwang ngunit di ko maiwasang mabagabag ng isang artikulo na inilabas noong nakaraang araw sa isang tabloid. Ayon pa sa headline: Akademie Schloss Solitude, Anti-jüdische Hetze bleibt folgenlos*. Na kung babasahing buo ang artikulo ay malinaw ang pagkondena sa amin, sa Solitude fellows na naninindigan sa pakikiisa sa Palestina. May tatlo pang naunang artikulo simula noong pagdalo namin sa demonstrasyon at paglabas ng statement. Nakatanggap kami ng email mula sa Solitude staff na ini-report nila sa pulisya ang isyu upang masiguro ang aming kapakanan. Ngunit masasabi kong hugas-kamay na lang ang kunwaring pag-aalala sa amin dahil sa simula pa lang hindi nila inilathala ang aming open letter. Malinaw na nangangahulugang wala kaming aasahang suporta sa kanila. At mismong isa sa Board Member ng institusyon ang mariing di sumasang-ayon sa aming pinagkaisahang pahayag. Gaano na nga ba kalala itong mga paratang na anti-semitism dito sa Alemanya?**. Naalala ko ang militarisasyon sa ilang unibersidad at institusyon sa Pinas. Ang mga pag-atake, pagdukot sa mga raliyista, at silang mga desaparesidos. Hindi ako makatulog kagabi. Masasabi ko pa rin bang Frohes Neues Jahr? Bumangon akong maaga. At narito ang ilan sa aking naitala.

The inflammatory anti-Semitic allegations against the WE ALL KNOW open letter perpetuated by several German tabloids and online news portals is a serious threat and risk to the artists and cultural workers. It escalates systemic attacks against artistic freedom and freedom of religion, holding international artist-activists as proxies for Zionist agenda.

This is to reiterate that criticisms of the Israeli settler-colonial government are protected by freedom of expression, and that the open letter is directed against the Israeli settler state, not against the Jews everywhere. It has been maliciously misrepresented as a hateful statement when in fact, it is a call for the right to return of Palestinian

peoples and the decolonisation of their homeland currently under occupation by the Israeli state.

We, the signatories of the WE ALL KNOW statement, affirm once again that we will neither be deterred nor silenced. Despite the suppression of pro-Palestinian solidarity in Germany by the German government, the assault against activists with hundreds arrested and protests criminalised, I stand firmly with the Palestinian people.

We will defy all forms of silencing and boldly challenge the public accountability of the German government. We call to protect the welfare and security of artists and cultural workers who have been targeted and threatened.

This statement will hold true until Palestine is free—from the river to the sea.

*<https://www.bild.de/regional/stuttgart/regional/schloss-solitude-in-stuttgart-anti-juedische-hetze-bleibt-folgenlos-86565116.bild.html>

**<https://www.wsws.org/en/articles/2023/12/11/pmks-d11.html>

Araw 266

Mahal kong Sol,

Ang sulat kong ito ay nais ko ring ihandog kay Selma. Tinitingala ko kagabi sa pagdiriwang ng Bagong Taon ang makukulay na kuwitis na nagliliparan at nag-uunahang sumabog sa himpapawid. Naghihiraya ako sa isang lupaing nilulusob ng missile at bomba na sana'y hindi pagkawasak at kamatayan ang dala kundi paggunita sa kahalagahan ng buhay. Totoong napakalupit ng mundo. Napakasahol. Hindi ako pumikit. Hinayaan kong maluha sa liwanag na tila isinasaboy sa karimlan. Isang napakahabang gabi ng paglalamay at pagdiriwang. Nagkulay *Melancholia* ni Lav Diaz ang panginorin. Ako si Alberta. Humihiling at maghihintay sa mga liham ni Renato. Ano nga ba ang ideya ng masidhing kalungkutan bilang dahilan sa kapanglawan ng nararamdaman at pagpapahayag? Sapat ba para tuldukan ko rin ang sulat kong ito sa iyo? Ngunit alam mo bang sa bawat pagtutuldok ay nalilinyahan ko't natututuhan ang pinapangalanan kong *melancholia*? Na, sumasalungguhit mula sa akin tungo sa lipunan, tila kuwitis na gumuguhit sa langit.

Araw 267

Mahal kong Sol,

Bilang isa sa mga nanawagan sa pagpapalaya sa lahat ng sinumang nagnanais makawala't makaalpas sa samot-saring hulagway ng panganib, sinilip kong muli ang kalipunan ng mga tula at sanaysay ni Najwa Juma. Sa ikatlong pahina itinala: TO ALL OF YOU WHO ARE TRYING TO ESCAPE FROM THE WINGS OF FEAR AND FLY WITHOUT BOUNDARIES OR RESTRICTIONS. Humigit-kumulang tatlong buwan na. Higit dalawampung libong kinitil. Binomba ang Gaza. Winasak ang buong Palestina nang deka-dekada na. Bilang isa sa mga nakikibaka sa pagpapalaya sa lupaing hindi nalalayo't naiiba sa iba pang tahanan ng milyon-milyong may buhay at panaginip, ang aking pakikiisa ay higit pa sa pagtatala ng mga sandaling ito. Bilang manunulat, isang obligasyon na gamitin ko ang mga salita bilang boses na dapat umalingawngaw sa mga konsensya, at hindi lamang mananatiling kataga sa mga pahina. Isinusumpa ko ang mga nagmamaang-maangan. Binubulahaw ko silang mga nananahimik.

*Ikaw ay buhay,
Landas na walang nakakaalam
Sa bagwis ng takot,
O, munting bata
Ang bisig mong nakakapit sa akin
Sa bubong ng kaniyang bahay, ako'y may pangalang
Pumailanlang
Sa kanilang lilim, ang nagtatagong buwan
Narito ako, hindi ganap na kuwento
Nagnanais kami ng karaniwang kamatayan
At ang pagkalagas ng mga mahabagin
Upang ikaw ay mapakinggan
Ang mga awit ng buhay
O, aking anak.**

*isang malayang salin mula sa orihinal na mga pamagat ng mga piling tula at maikling kuwento ni Najwa

POETIKA

Kabilang ito sa higit dalawang daang maiiksing akda sa “Mahal Kong Sol”, isang serye ng tila talaarawan at liham para kay ‘Sol,’ isang inilarawang personipikasyon ng 254-taon na kastilyo ng Akademie Schloss Solitude—ang international fellowship sa Stuttgart kung saan naging artist-in-residence ako noong Abril 2023 hanggang Enero 2024. Ang mga liham na ito ay maaaring isang pahayag tungkol sa pag-iisa at pagiging diaspora, at bilang pakikiisa sa Palestina, at sa mga dahilan kung bakit ko piniling magsulat. Inihahandog ko rin ito sa naging kaibigan kong Palestinang makata at aktibista na si Najwa Juma na kasalukuyang refugee sa Alemanya.

Isang gabi sa aking kama, tinanong ko si Sol. Mangyaring bigyan ako ng tanda ng kaniyang presensya. Sa aking mahaba, walang patid na pagtulog, nanaginip ako. Hinawakan niya ang aking talampakan. Bumangon ako sa kama. mag-isa ako. Nakikita ko lang ang kisame sa itaas na parang isang blangko, puting papel na naghihintay na maglahad ng mga nakatagong kwento, mga tinig na napatahimik, at mga kawalang-katarungan. Hindi sila makikita ng mga nakapiring na mata. Alam nating lahat. Nakasaad ito sa isang lugar sa Gaza: Kung sino ang mananatili hanggang sa wakas, isasalaysay ang ginawa namin sa abot ng aming makakaya. Alalahanin mo kami. (*Whoever stays until the end, will tell the story that we did what we could. Remember us.*)

At ito ang aking panata. Nais kong magsulat ng kwento tungkol sa Kapayapaan, ang mga bagay na kinatatakutan ng mga tao na sabihin ang kanilang katotohanan. Nais kong marinig ang aking mga patotoo sa gitna ng mga durog na bato at bomba sa itaas ng kalangitan. Nais kong magsulat ng tula tungkol sa Kagitingan, ang panahong narinig ko silang sumisigaw sa ngalan ng kanilang tinubuang lupa. Nais kong sabihin ang aking mga kuwento sa kabila ng mga hangganan, pagtawid sa mga pader, pagmamartsa sa mga kalsada, paghawak ng mga pangarap ng aking mga kababayang malayo sa kani-kanilang tahanan. Nais kong magsulat tungkol sa Kalayaan, kung saan walang mga salita, ni tula, kahit ang aking pangalan.

Sol, dapat kong isulat ang mga ito sa aking kamay, hawakan sila sa aking palad. Ipapakita ko sa kanila ang aking kamao; ito ay sagrado. Ito ang hugis ng aking puso.